# PIVOT 4A
# LEARNER'S MATERIAL

**IKALAWANG MARKAHAN**

## Araling Panlipunan

**G10**




MELC based SLM

DepEd CALABARZON
Curriculum and Learning Management Division

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
Hindi Ipinagbibili

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at niribisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

**PIVOT 4A Learner's Material**
**Ikalawang Markahan**
**Unang Edisyon, 2020**

# Araling Panlipunan

## Ikasampung Baitang

Job S. Zape, Jr.
**PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead**

Alfred James A. Ellar
**Content Creator & Writer**

Jaypee E. Lopo
**Internal Reviewer & Editor**

Lhovie A. Cauilan & Jael Faith T. Ledesma
**Layout Artist & Illustrator**

Jhucel A. del Rosario & Melanie Mae N. Moreno
**Graphic Artist & Cover Designer**

Ephraim L. Gibas
**IT & Logistics**

Earvin Christian T. Pelagio, Komisyon sa Wikang Filipino
**External Reviewer & Language Editor**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: Wilfredo E. Cabral
Pangalawang Patnugot: Ruth L. Fuentes

## Gabay sa Paggamit ng PIVOT 4A Learner's Material

### Para sa Tagapagpadaloy

Ang modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang **Araling Panlipunan.** Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa ating mga mag-aaral para sa paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pagpapakita ng kakayahang may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusunod na aralin.

Salamat sa iyo!

### Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang sagot sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anomang bahagi nito. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga gawain sa pagkatuto.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat gawain.
3. Maging tapat sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Punan ang **PIVOT Assessment Card for Learners** sa pahina 38 sa pamamagitan ng akmang simbolo sa iyong Lebel ng Performans pagkatapos ng bawat gawain.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong magulang o taga pag-alaga, o sinomang mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami na sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa. Kaya mo ito!

# Mga Bahagi ng PIVOT 4A Modyul

| | K to 12 Learning Delivery Process | Nilalaman |
|---|---|---|
| **Panimula (Introduction)** | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na resulta ng pagkatuto para sa araw o linggo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin. |
| | Suriin | |
| **Pagpapaunlad (Development)** | Subukin | Ang bahaging ito ay nagtataglay ng mga aktibidad, gawain at nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral. Ang karamihan sa mga gawain ay umiinog sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC. Layunin nito na makita o matukoy ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| | Tuklasin | |
| | Pagyamanin | |
| **Pakikipagpalihan (Engagement)** | Isagawa | Ang bahaging ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga Knowledge Skills at Attitudes (KSA) upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kaniyang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa Pagpapaunlad o D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/gawain sa buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kaniyang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto. |
| | Linangin | |
| | Iangkop | |
| **Paglalapat (Assimilation)** | Isaisip | Ang bahaging ito ay maghahatid sa mag-aaral sa proseso ng pagpapakita ng mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga upang makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kaniyang kaalaman sa pagbibigay ng epektibong repleksiyon, pag-uugnay o paggamit sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na magbibigay sa kaniya ng pagkakataong pagsama-samahin ang mga bago at dati ng natutuhan. |
| | Tayahin | |

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng Worktext at Textbook na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid ng kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI.

WEEKS 1-2

# Dahilan, Dimensiyon at Epekto ng Globalisasyon

I

Aralin

Hindi maikakaila ang mabilis na pag-usad ng uri ng pamumuhay ng mga tao sa lipunan. Ang pakikilahok natin sa pandaigdigang kalakalan ay isang patunay na hindi lamang sa ating bansa tayo maykakayanang umunlad kundi sa pamamagitan din ng ating pakikipag-ugnayan sa ibang bansa at kultura. Ito ang bunga ng ating tinatawag ng globalisasyon.

Sa araling ito, ating tatalakayin sa pamamagitan ng pagsusuri ng dahilan, dimensiyon at epekto ng globalisasyon sa ating pamumuhay at kultura. Pagkatapos ng ating aralin, ikaw ay inaasahang: natataya ang mga dahilan sa pagkakaroon ng globalisasyon, naipaliliwanag ang mga dimensiyon ng globalisasyon at nasusuri ang epekto ng globalisasyon sa pamumuhay ng tao sa isang lipunan.

## Dahilan, Dimensiyon at Epekto ng Globalisasyon

### Konsepto at Perspektibo ng Globalisasyon

#### Ang Konsepto ng Globalisasyon

Ang konsepto ang globalisasyon ay nakabatay sa kaunlaran sa pamamagitan ng ugnayan ng mga lipunan sa mundo isa ibat-ibang larangan ng pamumuhay ng mga tao. Ayon kay Ritzer (2011), ang globalisasyon ay proseso ng mabilisang pagdaloy o paggalaw ng mga tao, bagay, impormasyon at produkto sa ibat-ibang direksiyon na nararanasan sa iba't ibang panig ng daigdig. Sa madaling salita, ito ay proseso ng iteraksyon at itegrasyon sa pagitan ng mga taong may kanya-kayang larangan mula sa ibat-ibang panig ng daigdig sa pamamagitan ng isang mabilisang daloy ng inpromasyon gamit ang ibat-ibang teknolohiya.

Isang pagtataya, ang pag-usbong ng globalisasyon ay dahil sa mabilis na pag-unsad ng teknolohiya at impormasyon. Ang teknolohiya sa komunikasyon ay ang isang particular na dahilan ng pagusbong ng globalisasyon sapagkat dito dumadaloy ang inpormasyon na nagdudulot ng paglago ng kaisipan, kultura, produkto at pamumuhay ng mga tao sa bawat lipunan sa daigdig. Sa madaling salita, ang globalisasyon ay isang pandaigdigan ugnayan ng mga tao sa ibat-ibang lipunan sa kani-kanilang larangan tungo sa panlipuan at pang-ekonomikal na kaunlaran.

#### Mga Perspektibo ng Globalisasyon

Upang mas lalong maunawaan ang konsepto ng globalisasyon bilang isang contemporayong isyu, mas makabubuting gumamit ng ilang mga pananaw o perspektibo ukol dito. May limang perspektibo nagpapaliwanag sa pinagmula ng globalisasyon (halaw sa *Araling Panlipunan 10*, 4.21.17, pp159-161).

1. Ang pananaw na ang 'globalisasyon' ay taal o nakaugat sa bawat isa. Ayon kay Nayan Chanda (2007), manipestasyon ito ng paghahangad ng tao sa maalwan o maayos na pamumuhay na nagtulak sa kaniyang makipagkalakalan, magpakalat ng pananampalataya, mandigma't manakop at maging adbenturero o manlalakbay.

2. Ang pananaw na ang globalisasyon ay isang mahabang siklo (cycle) ng pagbabago. Ayon kay Scholte (2005), maraming 'globalisasyon' na ang dumaan sa mga nakalipas na panahon at ang kasalukuyang globalisasyon ay makabago at higit na mataas na anyo na maaaring magtapos sa hinaharap. Mahirap tukuyin ang panahon kung kailan nagsimula ang globalisasyon kaya higit na mahalagang tingnan ang iba't ibang siklong pinagdaanan nito.

3. Ang pananaw na ang globalisasyon ay kabilang sa anim na 'wave' o epoch o panahon na siyang binigyang-diin ni Therborn (2005). Para sa kanya, may tiyak na simula ang globalisasyon at ito'y makikita sa talahanayan na nasa kasunod na pahina.

4. Ang simula ng globalisasyon ay mauugat sa ispesipikong pangyayaring naganap sa kasaysayan. Maaaring nagsimula ang globalisasyon sa kalagitnaan ng ika-20 siglo nang unang ginamit ang telepono noong 1956 o nang lumapag ang 'transatlantic passenger jet' mula New York hanggang London. Maaari rin namang nagsimula ito nang lumabas ang unang larawan ng daigdig gamit ang satellite ng taong 1966. Mayroon ding nagsasabi na ang globalisayon ay nagsimula noong taong 2001 nang pabagsakin ng mga terorista ang Twin Towers sa New York. Ang pangyayaring ito ay gumising sa marami na kinakailangan ang higit na pag-aaral sa isang 'global' na daigdig.

5. Ang huling pananaw o perspektibo ay nagsasaad na ang globalisasyon ay penomenong nagsimula sa kalagitnaan ng ika-20 siglo. Tatlo sa mga pagbabagong naganap sa panahong ito ang sinasabing may tuwirang kinalaman sa pag-usbong ng globalisasyon: (a) Pag-usbong ng Estados Unidos bilang global power matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig; (b) Paglitaw ng mga multinational at transnational corporations (MNcs and TNCs); at (c) Pagbagsak ng Soviet Union at ang pagtatapos ng Cold War.

## Mga Dahilan ng Globalisasyon

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga maaaring naging dahilan ng pag-usbong ng globalisasyon:

*Cultural Integration* o Kultural na Integrasyon - dahil ang mga tao ay patuloy ang pakikipag-ugnayan at pakikipamuhay kasama ang ibang mga tao na nagmula sa ibat-ibang panig na daigdig, sila ay nagkakaroon ng pagtanggap sa kultura ng ibang tao o lahi, na nagiging bahagi na ng kanilang pamumuhay.

*Economic Network* o Pankalakalang Ugnayan - ang pakikipagkalakalan sa ibat-ibang bansa ay nagbibigay sa mga tao ang maraming sangay ng pakikipag-ugnayan. Sila ay nagkakaroon ng palitan ng produkto at serbisyo ayon sa hinihingi ng pangagnailangan ng bawat isa.

*Technological Advancement* o Kaunlarang Teknolohikal - ang teknolohiya ay maaaring ituring na pangunahing dahilan sa pag-usbong at paglago ng globalisasyon lalo't higit ang mga teknolohiyang may kinalaman sa kommunikasyon.

*Global Power Emergence* o Paglitaw ng Pandaigdigan Kapangyarihan - dahil nga sa pakikipag-ugnayan ng mga tao mula sa ibat-ibang bansa at kultura, nakakaroon ng tinatawag na "*power allegiance*" at "*power resistance*". Sa "power allegiance" nagkakaroon ng pakikipagkasunduan ang mga bansa na nagbigay daan upang magkaroon ang "global power" ang ilang mga bansa. Dahil naman dito, nagkakaroon din ng "power resisitance" sapagkat nakakaroon ng tensyon sa pagitan ng mga bansang may political power o kapanyarihang politikal na maaaring makaimpluwensiya sa pampolitikal na kalagayan ng ibat-ibang bansa.

## Mga Dimensiyon ng Globalisasyon

Ang dimensiyon ng globalisasyon ay tumutukoy sa mga salik kung saan ang globalisasyon ay makikita at lumalago. Ang mga sumusunod ay ang mga dimensyon ng globalisasyon:

1. **Socio-Cultural** o Sosyo-kultural - ang uri at kalagayan ng pamumuhay ng mga tao ay umuunlad sapagkat natututo tayo o nakakakuha tayo ng ideya at impormasyon mula sa ibang tao mula sa ibang bansa.
2. **Economic** o Pankalakalan - ang ekonomiya ng mga bansa ay tuloy-tuloy ang pag-unlad sapagkat ang mga kompanya at negosyo ay nakararating sa iba't ibang bansa. Gayundin ang mga manggagawa ng mga kompanya at negosyo ay nagmula din sa ibat-ibang bansa at kultura.
3. Political o politikal - sa larangan ng pamamahala, ang globalisasyon ay naging daan upang magkaroon ng mga ugnayan-pampolitikal ang mga bansa na mayroong magkakaugnay na hangarin sa pamamahala.
4. **Environmental** o pangkapaligiran - ang kapaligiran ay isa sa mga pinaka naapektuhan ng globalisasyon dahil sa pag-unlad ng pang-indutriyal ng ekonomiya.
5. **Technological** o teknolohikal - ang paglago ng impormasyon at mga kaalamang siyantipiko ay nagdulot ng maraming pagbabago sa teknolohiyang ginagamit sa ibat-ibang panig ng daigdig.

## Mga Epekto ng Globalisasyon

Ang epekto ng globalisasyon ay maaaring hatiin sa dalawang bahagi: ang mabuting dulot ng globalisasyon at di-mabuting dulot ng globalisasyon:

### Mabuting dulot ng Globalisasyon:


- Sa pamamagitan ng globalisasyon, nagkakaroon nag pagkakasundo ang mga bansa ukol sa kalagayan ng kalikasan.
- Dahil sa globalisasyon, maraming trabaho at oportunidad ang nalilikha na nagiging dahilan ang pag-unlang ng ekonomiya ng ibat-ibang mga bansa.
- Mabilis ang paglago ng teknolohiya na malaki ang naitutulong sa pag-unlad ng lipunan sa ibat-ibang bansa.

**Di-Mabuting dulot ng Globalisasyon:**

- Dahil sa malawak na sakop ng sektor ng kalakalan, nagkakaroon ng problema sa ekonomiya sa ibat-ibang bansa lalo na ang mga nasa mahihirap na bansa.
- Dahil sa problemang pang-ekonomiya, nagkakaroon ng malaking agwat sa ekonomiya ibat-ibang bansa.
- Dahil naman sa agwat ng ekonomiya, nagkakaroon din ang malaking agwat sa buhay at pamumuhay ng mga tao, sa pagitan ng mahihirap at mayayaman.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Ibigay ang salitang may kaugnayan sa salitang "globalisasyon" at bigyan ng sariling pagpapaliwanag ang mga salitang kaugnay. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.




**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Kompletuhin ng balangkas ng kaalaman ayon sa hinihingi ng bawat hanay. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| BALANGKAS NG KAALAMAN | | |
|---|---|---|
| **Perspektibo** | **Detalye** | **Susing Salita** |
| 1.____________________ | | |
| 2.____________________ | | |
| 3.____________________ | | |
| 4.____________________ | | |
| 5.____________________ | | |

**Pamprosesong mga Tanong:**

1. Ano ang inyong pagpapakahulugan sa salitang globalisasyon?

_______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________.

2. Bakit sinasabing matagal na ang globalisasyon?

_______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________.

3. Alin sa mga perspektibo ang sa palagay mo ay katanggap-tangap, bakit?

_______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Magbigay ng mga halimbawa ng pagkakakilanlan ng globalisasyon sa mga sumusunod ng dimensiyon. Ipaliwanag ang bawat isa. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| Dimensiyon | Halimbawa | Paliwanag |
|---|---|---|
| Cultural: | | |
| Economic: | | |
| Political: | | |
| Environmental: | | |
| Technological: | | |

**E**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Magbigay ng isang malalim na pagsusuri ng isang dimensyon ng globalisasyon sa pamamagitan ng pag kompleto sa hinihingi sa loob ng graphic organizer. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Dimensyon:

______________________________________

Katangian:

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

Dahilan:

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

Epekto:

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Halimbawa:

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

Paliwanag:

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Ibigay ang hinihingi ng bawat hanay na nagpapakita ng epekto ng globalisasyon. Isulat ang sagot iyong sagutang papel.

| | Halimbawa | Saang bansa galing | Epekto sa pamumuhay ng Tao |
|---|---|---|---|
| Produkto: | | | |
| Laro/ Game/ sports: | | | |
| Pelikula/ Movie: | | | |
| Pagkain/ Food | | | |
| Kompani-ya/ Company: | | | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Tayahin ang mabuti at di-mabuting maidudulot ng mga salita. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| | MABUTING NAIDUDULOT | DI-MABUTING NAIDUDULOT |
|---|---|---|
| **Google** → | | |
| **Facebook** → | | |
| **Louis Vuitton** → | | |

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Sagutin ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Tatlong (3) konsepto na natutunan ko mula sa Aralin:

**1.** ______________________________________________.
**2.** ______________________________________________.
**3.** ______________________________________________.

Dalawang (2) mahalagang bagay na ayaw kong makalimutan mula sa Aralin:

**1.** ______________________________________________.
**2.** ______________________________________________.

Isang (1) gawain na gusto kong subukan mula sa aking natutunan sa Araling ito:

**1.** ______________________________________________.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Sagutin ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang **TAMA** kung wasto ang tinatalakay ng pangungusap, at **MALI** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

__________1. Ang paglago ng impormasyon at mga kaalamang siyantipiko ay nagdulot ng maraming pagbabago sa teknolohiyang ginagamit sa iba't ibang panig ng daigdig.

__________2. Ang konsepto ang globalisasyon ay nakabatay kaunlaran sa pamamagitan ng ugnayan ng mga lipunan sa mundo sa iba't ibang larangan ng pamumuhay ng mga tao.

__________3. Ang teknolohiya ay maaaring ituring na pangunahing dahilaan sa pag-usbong at paglago ng globalisasyon lalo't higit ang nasa laranangan ng relihiyon.

__________4. Dahil din sa agwat ng ekonomiya, nagkakaroon ng malaking agwat sa buhay at pamumuhay ng tao, sa pagitan ng mahihirap at mayayaman.

__________5. Dahil nga sa pakikipag-ugnayan ng mga tao mula sa iba't ibang bansa at kultura, nagkakaroon ng tinatawag na "**power allegiance**" at **"power resistance**".

WEEKS 3-4

# Kalagayan, Suliranin at Pagtugon sa Isyu ng Paggawa

I

Aralin

Ang sektor ng paggawa ay isang mahalagang bahagi ng lipunan na nagbibigay ng malaking ambag sa pambansang kaunlaran. Dahil sa mga manggagawa, naisasagawa ng lipunan ang ibat-ibang mga pangangailangang gawain na nakakatulong sa ekonomiya ng bansa.

Sa araling ito, ating tatalakayin ang kalagayan, suliranin at pagtugon sa mga isyu ng paggawa sa bansa, Pagkatapos ng ating aralin, ikaw ay inaasahang: natatalakay ang kalagayan ng paggawa sa bansa, natataya ang mga suliranin sa paggawa sa bansa at nasusuri ang mga pagtugon sa mga suliraning ito.

## Kalagayan ng Paggawa sa Bansa

Ang mga manggagawang Pilipino ay humaharap sa iba't ibang anyo ng suliranin at hamon sa paggawa tulad ng mababang pasahod, kawalan ng seguridad sa pinapasukang kompanya, "job-mismatch" bunga ng mga "job-skills mismatch", iba't ibang anyo ng kontraktuwalisasyon sa paggawa, at ang mura at flexible labor. Isang hamon din sa paggawa ay ang mabilis na pagdating at paglabas ng mga puhunan ng mga dayuhang namumuhunan na mas nagpatingkad naman ng kompetisyon sa hanay ng mga dayuhang kompanya at korporasyon sa bansa. Dahil dito mas nahihikayat ang mga namumuhunan na pumasok sa bansa na nagdudulot ng iba't ibang isyu sa paggawa.

Dahil sa paglaganap ng globalisasyon naaapektuhan nito maging ang workplace na kung saan nagbunga ito ng pagtatakda ng mga pandaigdigang samahan, tulad ng Word Trade Organization (WTO), ng mga kasanayan o kakayahan sa paggawa na globally standard para sa mga manggagawa. Naglalagak ang mga multi-national company ng mga investment para sa mga trabaho sa bansa na kung saan ang mga kasanayan na kakailanganin ng isang manggagawa ay nakabatay sa mga naging kasunduan ng bansa sa mga kompanyang ito.

### Ang Globalisasyon at Paggawa

Ilan sa maraming naidulot ng globalisasyon sa paggawa ay ang mga sumusunod:

- una, demand ng bansa para sa iba't ibang kakayahan o kasanayan sa paggawa na globally standard;
- pangalawa, mabibigyan ng pagkakataon ang mga lokal na produkto na makilala sa pandaigidigan pamilihan;
- pangatlo, binago ng globalisasyon ang workplace at mga salik ng produksiyon tulad ng pagpasok ng iba't ibang gadget, computer/IT programs, complex machines at iba pang makabagong kagamitan sa paggawa; at
- pang-apat, dahil sa mura at mababa ang labor o pasahod sa mga manggagawa kaya't madali lang sa mga namumuhunan na magpresyo ng mura o mababa laban sa mga dayuhang produkto o mahal na serbisyo at pareho ang kalidad sa mga produktong lokal.

Ang mga pagbabagong ito ay nakaapekto sa mga manggagawa sa iba't ibang aspeto. Ang mga ito nagbunsod ng maraming isyu sa paggawa na kinakaharap ng mga manggagawang Pilipino sa kasalukuyan upang magkaroon sila disente at marangal na pamumuhay.

Ang tugon ng Pilipinas sa hamon ng globalisasyon sa paggawa ay ang patuloy na pagbubukas ng bansa sa pandaigdigang pamilihan. Dahil dito, nagbago ang mga kakailanganing kasanayan at salik sa produksiyon. Patuloy ang pagtaas ng antas ng kawalan ng trabaho at walang sapat na trabaho. Malayang naipatutupad ng mga kapitalista o mamumuhunan ang iskemang kontraktuwalisasiyon para ibaba ang gastos sa paggawa, alisin ang anumang proteksiyon at ang tuwirang responsibilidad nito sa manggagawa. Laganap ang kalakaran ng mga manggagawang kontraktuwal o naempleyo sa pamamagitan ng ahensya.

*Hinango mula sa LM.AP10 4.21.17, p 187*

**Apat na Haligi para sa Isang Disente at Marangal na Paggawa (DOLE, 2016)**

| | |
|---|---|
| EMPLOYMENT PILAR | Tiyakin ang paglikha ng mga sustenableng trabaho, malaya at pantay na oportunidad sa paggawa, at maayos na workplace para sa mga manggawa. |
| WORKER'S RIGHTS PILAR | Naglalayong palakasin at siguruhin ang paglikha ng mga batas para sa paggawa at matapat na pagpapatupad ng mga karapatan ng mga manggagawa. |
| SOCIAL PROTECTION PILAR | Hikayatin ang mga kompanya, pamahalaan, at mga sangkot sa paggawa na lumikha ng mga mekanismo para sa proteksyon ng manggagawa, katanggap-tanggap na pasahod, at oportunidad. |
| SOCIAL DIALOGUE PILAR | Palakasin ang laging bukas na pagpupulong sa pagitan ng pamahalaan, mga manggagawa, at kompanya sa pamamagitan ng paglikha ng mga collective bargaining unit. |

## Kalagayan ng mga Manggagawa sa Ibat-ibang Sektor

### A. Sektor ng Agrikultura

Isa rin sa mga hamon ng globalisasyon sa bansa ay ang patuloy na pagdami ng mga lokal na produkto na iniluluwas sa ibang bansa at ang pagdagsa ng mga dayuhang produkto sa pamilihang lokal. Lubusang naaapektuhan ang mga lokal na magsasaka dahil sa mas murang naibebenta ang mga dayuhang produkto sa bansa. Mas maraming insentibo ang naipagkakaloob sa mga dayuhang kompanya na nagluluwas ng kanilang parehong produkto sa bansa. Sa kabilang banda, may mga lokal na produktong may mataas na kalidad gaya ng saging, mangga at iba pa na itinatanim sa atin na nakalaan lamang para sa ibang bansa.

### B. Sektor ng Industriya

Lubusan ding naaapektuhan ng pagpasok ng mga dayuhang kompanya ay sektor ng industriya bunsod ng mga naging kasunduan ng Pilipinas sa iba't ibang pandaigdigang institusyong pinansyal. Katulad ng mga imposisyon at kondisyon ng pagpapautang nila sa bansa. Pagbubukas ng pamilihan ng bansa, import liberalizations, tax incentives sa mga dayuhang kompanya, deregularisasyon sa mga polisiya ng estado, at pagsasapribado ng mga pampublikong serbisyo.

Bunsod nito ang mga pamantayang pangkasanayan at kakayahan, pagpili, pagtanggap, at pasahod sa mga manggagawa ay naayon sa kanilang mga pamantayan at polisiya. Kaakibat nito ang iba't ibang anyo ng pang-aabuso sa karapatan ng mga manggagawa tulad ng mahabang oras ng pagpasok sa trabaho, mababang pasahod, hindi pantay na oportunidad sa pagpili ng mga empleyado, kawalan ng sapat na seguridad para sa mga manggagawa tulad sa mga minahan, konstruksiyon, at planta na nagpoprodyus ng lakas elektrisidad na kung saan may mga manggagawa na naaaksidente o nasasawi.

### C. Sektor ng Serbisyo

Ang paglaki ng porsiyento o bilang ng mga manggagawa sa sektor na ito ay malaking tulong sa mga manggagawang Pilpino. Saklaw ng sektor na ito ang sektor ng pananalapi, komersiyo, insurance, kalakalang pakyawan at pagtitingi, transportasyon, pag-iimbak, komunikasyon, libangan, medikal, turismo, (BPO), at edukasyon.

Mahalaga ang sektor ng serbisyo sa daloy ng kalakalan ng bansa dahil tinitiyak nito na makararating sa mga mamimili ang mga produkto sa bansa. Kaalinsabay nito ang iba't ibang suliranin, bunsod ng globalisasyon sa pamamagitan ng patakarang liberalisasyon ng pamahalaan o ang pagpasok ng bansa sa mga dayuhan kasunduan na kung binubuksan ng malaya ang kalakalan ng bansa sa mga dayuhang kompanya, kaya't sa pagpasok ng mga produkto at serbisyo mula sa mga ito, nalilimitahan ang bilang na kalakal at serbisyo na gawa ng mga Pilipino sa pandaigdigang kalakalan.

*Hilaw mula sa LM.AP10 4.21.17, p 192*

## Suliranin ng Paggawa sa Bansa

Bunsod ng epektong dulot ng globalisasyon mas naging mabilis ang pagdating ng mga dayuhang namumuhunan na mas pinatingkad naman ng kumpetisyon sa hanay ng mga dayuhan at lokal na kompanya at korporasyon sa bansa. Ang ganitong kondisyon ay nagdulot ng iba't ibang suliraning may kaugnayan sa iskemang subcontracting, unemployment at underemployment, self-employed, mura at flexible labor, at kontraktuwalisasyon.

### Iskemang Subcontracting

Ang **iskemang subcontracting** ay tumutukoy sa kaayusan sa paggawa kung saan ang kompanya (principal) ay komukontrata ng isang ahensiya o indibidwal na subcontractor upang gawin ang isang trabaho o serbisyo sa isang takdang panahon. May dalawang umiiral na anyo ng subcontracting ito ay:

- Ang **Labor-only Contracting** na kung saan ang subcontractor ay walang sapat na puhunan upang gawin ang trabaho o serbisyo at ang pinasok niyang manggagawa ay may direktang kinalaman sa mga gawain ng kompaya;
- Ang **job-contracting** naman ang subcontrator ay may sapat na puhunan para maisagawa ang trabaho at mga gawain ng mga manggagawang ipinasok ng subcontractor. Wala silang direktang kinalaman sa mga gawain ng kompanya. Hindi pinapayagan sa batas ang job-contracting dahil naaapektuhan nito ang seguridad ng mga manggagawa sa trabaho.

Dahil sa ganitong kalagayan ng pagpapatrabaho sa mga manggagawa, hindi sila nagkakaroon ng pangmatagalang pagkakakitaan at hanapbuhay. Hindi rin matitiyak ng mga manggagawa ang tinatawag na **job security** sapagkat nakabatay lang ang kanilang trabaho sa mga kontratang pinapasok ng kanilang kompanya.

### Unemployment at Underemployment

May mataas na demand para sa globally standard na paggawa, at pagtugon na isinasagawa ng ating pamahalaan tungkol sa hamon ng globalisasyon sa paggawa. Dahil sa kawalan ng oportunidad at marangal na trabaho, naging patakaran na ng gobyerno ang pagluluwas ng paggawa (labor) simula dekada 70. Mabilis na lumalaki ang bilang ng Pilipinong nangingibang bayan para magtrabaho.

Sa katunayan, ang OFW na ngayon ay tinagurian na bagong bayani dahil sa kitang ipinapasok nito sa bansa na dahilan kung bakit hindi sumasadsad ang ekonomiya kahit pa dumaan ito sa matitinding krisis pampolitika at pang-ekonomiya. Ito rin ang isa sa mahahalagang indicator ng papalaking pag-asa ng bansa sa panlabas na salik sa halip na sa panloob na mga kondisyon ng patuloy na paggulong ng ekonomiya.

*Halaw mula sa LM.AP10 4.21.17, p 196-199*

Isa pa sa isyung kinakaharap ng bansa sa paggawa na kaugnay sa paglaki ng unemployment at underemployment ay ang paglaki ng bilang ng mga job-mismatch dahil sa hindi nakakasabay ang mga college graduate sa hinihinging kasanayan at kakayahan na entry requirement ng mga kompanya sa bansa. Ipinapahiwatig nito na maraming kurso sa mga Higher Education Institutions (HEIs) at mga kolehiyo sa bansa ang hindi na tumutugon sa pangangailangan ng mga pribadong kompanya na nagtatakda ng mga pamantayan sa pagpili ng mga manggagawa.

## Self-employed

Isang malaking bahagi ng nasa kategorya ng Self employed without any paid employee ang tumutukoy sa trabahong para-paraan o sa sinasabing vulnerable employment. Ang pinakamalaki bahaghan ng mga manggagawa na sinasabing vulnerable ay nasa sektor ng agrikultura. Samantala, ang isang malaking bahagi pa nito ay ang mga mala-manggagawa sa kalunsuran na ang hanapbuhay ay para-paraan gaya ng paglalako o ambulant vendor at sidewalk vendor na sangkot sa pagbebenta ng iba't ibang kalakal tulad ng kendi, sigarilyo, bote-dyaryo, bakal at kung ano ano pa. Pagtitinda ng mga street food gaya ng fishball, kwek-kwek, banana cue, barbecue, prutas at iba pa.

Gayundin naman, hindi rin maikukubli ang katotohanang maraming estudyante lalo na ang nasa kolehiyo ay aktuwal nang nagtatrabaho. May kalakihang bilang sa hanay nila ang working student para tustusan at patapusin ang sarili sa pag-aaral. Samantala, halos lahat ay dumadaan sa anim na buwan hanggang isang taong OJT o Internship bilang bahagi ng kurikulum ng mga paaralan.

Samantala, ang mga full-time mother naman ang gumaganap sa halos lahat ng mga gawaing-bahay tulad ng paglalaba, pamamalantsa, pagluluto at paglilinis ng bahay. Nag-aalaga rin siya ng kaniyang mga anak at nag-aasikaso sa mga pangangailangan ng asawa. Maliban dito, siya ang kalimitang nagtuturo sa mga anak na nag-aaral, gayundin ang nagbabadyet sa mga gastusin sa bahay at gumawa ng paraan upang pagkasyahin ang badyet para sa pamilya. Ang kanilang kalagayan ay halos walang ipinagkaiba sa mga tinatawag na unpaid family labor na inihanay ng pamahalaan sa mga may trabaho.

## Mura at Flexible Labor

Isang matinding hamon ang kinakaharap ng mga manggagawa mula nang ipatupad ang patuloy na paglala ng "mura at flexible labor" sa bansa. Ito ay isang paraan ng mga kapitalista o mamumuhunan upang palakihin ang kanilang kinikita at tinutubo sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mababang pagpapasahod at paglimita sa panahon ng paggawa ng mga manggagawa. Isang paraan ito upang sila ay makaiwas sa patuloy na krisis dulot ng labis na produksiyon at kapital na nararanasan ng iba't ibang mga bansa.

*Halaw mula sa LM.AP10 4.21.17, p 199, 208*

**Kontraktuwalisasyon**

Hindi naging maganda ang nagiging kalagayan ng mga manggagawang kontraktuwal/kaswal. Hindi sila binabayaran ng karampatang sahod at mga benepisyong ayon sa batas na tinatamasa ng mga manggagawang regular. Naiiwasan ng mga kapitalista maging ang pagbabayad ng separation pay, SSS, PhilHealth at iba pa. Hindi nila natatamasa ang mga benepisyo ayon sa Collective Bargaining Agreement (CBA) dahil hindi sila kasama sa bargaining unit. Hindi rin sila maaaring bumuo o sumapi sa unyon dahil walang katiyakan o pansamantala lang ang kanilang security of tenure. Maliban pa rito, hindi kinikilala ng contracting company ang relasyong employee-employer sa mga manggagawang nasa empleyo ng isang ahensya. Iginigiit ito ng mga kapitalista kahit ang mga ito ay itinuturing na labor only contracting na ipinagbabawal ng batas.

## Mga Tugon sa Hamon sa Paggawa

Upang matugunan ang mga isyu at suliranin sa paggawa, ang iba't ibang ahensiya ng pamahalaan na may kinalaman sa paggawa ay nagpatupad ng mga batas at polisiya na makatutulong na maitaas ang kalidad ng pamumuhay ng mga manggawa sa ating bansa. Ang ilan dito ay ang mga sumusunod:

**Presidential Decree (PD) 442 o Labor Code**

Ang batas na ito ay nagtatakda ng mga alituntunin na naglalayong ingatan ang mga mangagawa at mabigyan ng batayan ang mga karapatang pang manggagawa sa Pilipinas.

**Department Order 18-A ng DOLE**


Ang Department Order 18-A ng DOLE taong 2011 ay naghayag ng patakaran ng pamahalaan laban sa pagpapakontrata. Hinigpitan ang probisyon ng pagpapakontrata, pinatingkad (highlighted) ang usapin ng karapatan ng mga manggagawang kontraktuwal (partikular na ang seguridad sa trabaho o pagka-regular), at iba pang karapatang tinatamasa ng mga regular na manggagawa.

**Department Order 10 ng DOLE sa ilalim ng Department Order 18-02,**

Naging malaking usapin ito kaya't binalasa ang probisyon ng Department Order 10 ng DOLE sa ilalim ng Department Order 18-02, isinasaad dito ang pagbabawal ng pagpapakontrata ng mga trabaho at gawaing makakaapekto sa mga manggagawang regular na magreresulta sa pagbabawas sa kanila at ng kanilang oras o araw ng paggawa; o kung ang pagpapakontrata ay makakaapekto sa unyon gaya ng pagbabawas ng kasapi, pagpapahina ng bargaining leverage o pagkahati ng bargaining unit.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Magbigay ng ilang mga suliranin sa paggawa at ipaliwanag ang mga epekto nito sa bansa. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.




**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang kasalukuyang kalagayan ng paggawa sa ating bansa?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Paano nakakaapekto ang globalisasyon sa sektor ng paggawa sa Pilipinas?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Bakit mahalaga ang haligi ng desente at marangal na paggawa?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Paano makatutulong ang mga haliging ito sa mga manggagawa?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Alin sa mga suliraning nabanggit ang pinakalaganap sa kasalukuyan? Bakit?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Bakit nagkakaroon ng Unemployment at Underemployment sa Pilipinas?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Makatutulong ba ang mga dayuhang kompanya upang matugunan ang suliranin sa paggawa sa ating bansa? Bakit?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Paano kaya matutugunan ang mga suliranin at hamon sa paggawa? Ibigay ang inyong pananaw ukol dito?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Ibigay ang hinihingi sa bawat kolum. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| Kinakakaharap na Isyu sa Paggawa | Kasalukuyang Kalagayan ng paggawa | Programa ng Pamahalaan | Kontribusyon ko |
|---|---|---|---|
| 1) | | | |
| 2) | | | |
| 3) | | | |
| 4) | | | |
| 5) | | | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Ibigay ang mga hamon/suliraning kinahaharap ng bawat sektor. Magbigay din ng iyong suhestiyon kung paano matutugunan ang mga suliraning ito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| **Sektor** | **Hamon/Suliranin sa Paggawa** | **Suhesyon na Tugon** |
|---|---|---|
| Agrikultura | | |
| Industriya | | |
| Serbisyo | | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Interbyuhin ang iyong mga kapamilya o kamag-anak na nagtatrabaho. Kompletuhin ang hinihingi sa tsart. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| Pangalan | Relasyon | Edad | Edukasyon | Natapos na Kurso | Hanapbuhay | Status: Regular/ Kontraktwal |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |
| | | | | | | |

Ano ang iyong mga napuna:

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Sagutin ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Tatlong (3) konsepto na natutunan ko mula sa Aralin:

**1.** ______________________________________________.
**2.** ______________________________________________.
**3.** ______________________________________________.

Dalawang (2) mahalagang bagay na ayaw kong makalimutan mula sa Aralin:

**1.** ______________________________________________.
**2.** ______________________________________________.

Isang (1) gawain na gusto kong subukan mula sa aking natutunan sa Araling ito:

**1.** ______________________________________________.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Basahin mabuti ang mga sumusunod na pahayag. Tukuyin ang hinihingi ng bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

__________1. Ito ang ahensya ng pamahalaan na nangangasiwa sa mga alituntunin at mga polisiya na may kinalaman sa paggawa sa buong bansa.

__________2. Ito ay isang paraan ng mga kapitalista o mamumuhunan upang palakihin ang kanilang kinikita at tinutubo sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mababang pagpapasahod at paglimita sa panahon ng paggawa ng mga manggagawa.

__________3. Ito ay tumutukoy sa isang uri ng iskemang *subcontracting* kung saan ang subcontractor ay walang sapat na puhunan upang gawin ang trabaho o serbisyo at ang pinasok niyang manggagawa ay may direktang kinalaman sa mga gawain ng kompaya

__________4. Ito ay naglalayong palakasin at siguruhin ang paglikha ng mga batas para sa paggawa at matapat na pagpapatupad ng mga karapatan ng mga manggagawa.

__________5. Saklaw ng sektor na ito ang sektor ng pananalapi, komersiyo, insurance, kalakalang pakyawan at pagtitingi, transportasyon, pag-iimbak, komunikasyon, libangan, medikal, turismo, business processing outsourcing (BPO), at edukasyon.

WEEKS 5-6

# Dahilan at Epekto ng Migrasyon Dulot ng Globalisasyon

I

Aralin

Ang paglaganap ng globalisasyon ay nagbigay ng panibagong daan upang makahanap ng ikabubuhay ang mga tao hindi lamang sa sarili nilang bayan kundi maging sa labas ng bansa. Ito ang isang dahilan ng tinatawag na migrasyon.

Sa araling ito, talakayin ang mga dahilan at epekto ng migrasyon dulot ng globalisasyon. Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang: naipaliliwanag ang konsepto ng migrasyon, natutukoy ang mga dahilan sa pagkakaroon ng migrasyon at nasusuri ang mga epekto nito.

## Konsepto at Dahilan ng Migrasyon

### Konsepto ng Migrasyon

Ang **migrasyon** ay tumutukoy sa proseso ng pag-alis o paglipat mula sa isang lugar o teritoryong politikal patungo sa iba pa maging ito man ay pansamantala o permanente.

Sa pag-aaral ng migrasyon partikular sa international migration, mahalagang maunawaan ang ilang termino o salitang madalas gamitin sa disiplinang ito. Una na rito ay ang pagkakaiba ng **flow** at **stockfigures**.

Ang *flow* ay tumutukoy sa dami o bilang ng mga nandarayuhang pumapasok sa isang bansa sa isang takdang panahon na kadalasan ay kada taon. Madalas ditong gamitin ang mga salitang inflow, entries or immigration. Kasama din dito ang bilang ng mga taong umaalis o lumalabas ng bansa na madalas tukuyin bilang *emigration, departures* or *outflows*. Kapag ibinawas ang bilang ng umalis sa bilang ng pumasok nakukuha ang tinatawag na *net migration*.

Samantala, ang *stock* ay ang bilang ng nandayuhan na naninirahan o nananatili sa bansang nilipatan. Mahalaga ang *flow* sa pag-unawa sa *trend* o daloy ng paglipat o *mobility* ng mga tao habang ang stock naman ay makatutulong sa pagsusuri sa matagalang epekto ng migrasyon sa isang populasyon.

### Pananaw at Perspektibo sa Migrasyon

Simula pa lamang ng pagsibol ng kabihasnan ay malimit na ang pagdayo ng tao tungo sa mga lugar na magbibigay sa kaniya ng pangangailangan maging ito man ay sa usaping pangkabuhayan (ekonomiko), seguridad (politikal) o maging personal. Sa katunayan, ang paggalaw ng mga tao sa loob at labas ng bansa ay masalimuot kung pagtutuunan ng pansin ang dahilan, **patterns** at epekto nito sa lugar na iniiwan, pinupuntahan at binabalikan. Samantalang ang paggalaw o daloy ng migrasyon ay makikita sa iba't ibang anyo. Nandarayuhan ang mga tao bilang manggagawang manwal, highly qualified specialists, entrepreneur, refugees o bilang isang miyembro ng pamilya.

Sa kabila ng masalimuot na daloy ng migrasyon makikita ang mga 'pangkalahatang obserbasyon' tungkol sa usaping ito na mababasa sa mga sumusunod na ideya:

**1. Globalisasyon ng Migrasyon**

Tumataas ang bilang ng mga bansang nakararanas at naaapektuhan ng migrasyon. Ang mga bansang madalas puntahan o dayuhin tulad ng Australia, New Zealand, Canada at United States ay patuloy pa ring dinadagsa at sa katunayan ay nadadagdagan pa ang bilang ng mga bansang pinagmumulan nito. Malaking bilang ng mga migrante ay mula sa mga bansa sa Asya, Latin America at Aprika.

**2. Mabilisang Paglaki ng Migrasyon**

Ang kapal o dami ng mga nandarayuhan ay patuloy ang pagtaas sa iba't ibang rehiyon ng daigdig. Malaki ang implikasiyon nito sa mga batas at polisiya na ipinatutupad sa mga destinasyong bansa.

**3. Pagkakaiba-iba ng Uri ng Migrasyon**

Hindi lamang iisang uri ng migrasyon ang nararanasan ng halos lahat ng mga bansang nakapaloob sa usaping ito. May mga bansang nakararanas ng labour migration, refugees migration at maging ng permanenteng migrasyon nang sabay-sabay. Bukod sa nabanggit, mayroon pang tinatawag na irregular, temporary at permanent migrants:

- Ang **irregular migrants** ay ang mga mamamayan na nagtungo sa ibang bansa na hindi dokumentado o walang permit para magtrabaho at sinasabing overstaying sa bansang pinuntahan.
- **Temporary migrants** naman ang tawag sa mga mamamayan na nagtungo sa ibang bansa na may kaukulang permiso at papeles upang magtrabaho at manirahan nang may takdang panahon. Ang ilan sa halimbawa nito ay mga foreign students na nag aaral sa bansa at mga negosyante na maaari lamang manirahan pansamantala ng anim (6) na buwan.
- Samantala, ang **permanent migrants** ay may layunin sa pagtungo sa ibang bansa ay hindi lamang trabaho kundi ang permanenteng paninirahan sa piniling bansa kaya naman kalakip dito ang pagpapalit ng pagkamamamayan o citizenship.

**4. Pagturing sa Migrasyon bilang Isyug Politikal**

Malaki ang naging implikasyong politikal ng migrasyon sa mga bansang nakararanas nito. Ang usaping pambansa, pakikipag-ugnayang bilateral at rehiyunal at maging ang polisiya tungkol sa pambansang seguridad ay naaapektuhan ng isyu ng migrasyon.

**5. Paglaganap ng 'Migration Transition'**

Ang migration transition ay nagaganap kapag ang nakasanayang bansang pinagmumulan ng mga nandarayuhan ay nagiging destinasyon na rin ng mga manggagawa at refugees mula sa iba't ibang bansa. Partikular dito ang nararanasan ng South Korea, Poland, Spain, Morocco, Mexico, Dominican Republic at Turkey.

*Halaw mula sa LM.AP10 4.21.17, p 220, 224-227*

**6. Peminisasyon ng Migrasyon**

Malaki ang ginagampanan ng kababaihan sa usaping migrasyon sa kasalukuyan. Sa nagdaang panahon, ang labour migration at refugees ay binubuo halos ng mga lalaki. Nang sumapit ang 1960, naging kritikal ang ginampanan ng kababaihan sa labour migration. Kaakibat ng migrasyon ang pagbabago ng gampaning pangkasarian sa isang pamilya. Sinasabing kapag ang lalaki ang nangibang bansa ang asawang babae ang mas higit na umaako ng lahat ng gawaing pantahanan.

## Dahilan ng Migrasyon

Ang dahilan ng pag-alis o paglipat ay kalimitang maiuugat sa mga sumusunod:

1) Hanapbuhay na makapagbibigay ng malaking kita na inaasahang maghahatid ng masaganang pamumuhay;
2) Paghahanap ng ligtas na tirahan;
3) Panghihikayat ng mga kapamilya o kamag-anak na matagal nang naninirahan sa ibang bansa;
4) Pag-aaral o pagkuha ng mga teknikal na kaalaman partikular sa mga bansang industriyalisado; at
5) Pag-iwas sa sakunang dulot ng higwaang politikal o pangkalikasang kalamidad.

*Halaw mula sa LM.AP10 4.21.17, pp. 224-227*

## Mga Isyung kalakip ng Migrasyon

### Forced Labor, Human Trafficking and Slavery

Pagkakataon at panganib ang maibibigay ng migrasyon. Napakalinaw nito sa pagdagsa ng mga migranteng mangagagawa patungong Kanlurang Asya. Sa isang banda, ang mga migranteng manggagawa ay nakapagdadala sa kanilang pamilya ng libo-libong dolyar na remittance. Malaki ang naitutulong nito sa pag-ahon ng kanilang pamilya sa kahirapan, sa pagpapagawa ng bahay, pantustos sa pagpapaaral, at pambayad sa gastusing pangkalusugan habang nakakatulong sa ekonomiya ng bansang pinagtrabahuhan.

Sa kabilang banda naman ay may mga migranteng namamatay, nasasadlak sa sapilitang pagtatrabaho, at nagiging biktima ng *human trafficking*. Ang mga karanasan ng karamihan sa mga migrante ay nasa gitna ng dalawang mukhang ito ng migrasyon.

Marami sa mga domestic worker ang napupunta sa maayos na trabaho. Marami rin ang nahaharap sa ibat-ibang uri ng pang-aabuso tulad ng hindi pagtanggap ng sahod, pagkakulong sa bahay ng kanilang amo, hindi pagkain, sobrang trabaho, at ilang kaso ng matinding psychological, pisikal, at sekswal na pang aabuso. Nakapagtala ang Human Rights Watch ng dose-dosenang kaso kung saan ang pinagsamang mga kalagayang ito ay kahalintulad na ng kalagayang sapilitang pagtatrabaho, human trafficking, o mala-aliping kalagayan.

*Halaw mula sa LM.AP10 4.21.17, pp. 232-233*

## Epekto ng Migrasyon

Bagamat may mabubuting dahilan kung bakit ang migrasyon ay nakatutulong sa mga tao upang makahanap ng mabuting buhay at ikabubuhay, ang migrasyon din ay nakapagdudulot ng iba't-ibang epekto bunga ng mga isyung kaakibat nito. Makikita ang epekto nito sa bansang pupuntahan ng mga tao at sa bansang aalisan ng mga tao din ito. Ilan sa mga ito ay ang mga sumusunod:

Epekto sa bansang pupuntahan:


| **Mabuting Epekto** | **Di-Mabuting Epekto** |
|---|---|
| • Nagkakaroon ng pagdami ng populasyon<br>• nakapagdaragdag ng kitang pang-ekonomikal<br>• Nakatutulong upang dumami ang manggagawa<br>• Ang migrants ay tumatangap ng mas mababang pasahod kumpara sa lihitimong tao na taga roon sa bansa/ lugar na iyon | • Nakapagdaragdag sa gastos at security ng bansa/lugar na pinutahan<br>• Mayroong posibilidad ang pagkakaroon ng *overcrowding*<br>• Maaaring pagmulan ng di-pagkakasundo sa pananaw at paniniwala |

Epekto sa bansang pinanggalingan:

| **Mabuting Epekto** | **Di-Mabuting Epekto** |
|---|---|
| • Ang padalang pera na kinita sa ibang bansa o lugar ay nakatutulong sa ekonomiya<br>• Nababawasan ang ang unemploy-ment sa bansang pinanggalingan<br>• Ang mga taong nagmula sa ibang bansa /lugar ay may dalang ba-gong skills at kalaman | • Maaaring bumaba ang potential workforce ng bansa<br>• Nagkakaroon ng gender *imbalance* sa lugar na inalisan ng mga migrants<br>• Nagkakaroon ng tinatawag na “brain drain” sapagkat ang marami sa umaalis ay mga skilled at professonal |

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Tukuyin ang mga salitang may kaugnayan sa salitang MIGRATION sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga letra sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.




**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Alin sa mga dahilan ng migrasyon ang akma sa konteksto ng ating bansa? Bakit?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2. Aling epekto ng migrasyon ang sumasalamin sa konteksto ng ating bansa? Papaano?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang pinagkaiba ng *flow* at *stockfigures* sa konteksto ng migrasyon?
_______________
_______________
_______________
2. Paano mailalarawan ang migrasyon bilang resulta ng globalisasyon?
_______________
_______________
_______________
3. Bakit ang migrasyon ay itinuturing na isyung politikal?
_______________
_______________
4. Ano ang maaaring maging implikasyon ng peminisasyon ng migrasyon ?
_______________
_______________
_______________

## E


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Tukuyin ang kaugnayan ng migrasyon sa iba't ibang aspeto ng lipunan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| Aspeto | Kaugnayan ng migrayon |
|---|---|
| Politikal | |
| Industriyal | |
| ekonomikal | |
| Sosyo-kultural | |
| Personal/Pamilyal | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Tukuyin ang mabuti at di-mabuting epekto ng migrasyon ayon sa mga sumusunod na aspeto. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| Aspeto | Mabuting Epekto ng Migrasyon sa: | Di-Mabuting Epekto ng Migrasyon sa: |
|---|---|---|
| Politikal | | |
| Industriyal | | |
| Ekonomikal | | |
| Sosyo-kultural | | |
| Personal/Pamilyal | | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Magbigay ng iyong mga pananaw at suhesyong tugon ukol sa mga isyung kalakip ng migrasyon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Tatlong (3) konsepto na natutunan ko mula sa Aralin:

**1.** ______________________________________________.
**2.** ______________________________________________.
**3.** ______________________________________________.

Dalawang (2) mahalagang bagay na ayaw kong makalimutan mula sa Aralin:

**1.** ______________________________________________.
**2.** ______________________________________________.

Isang (1) gawain na gusto kong subukan mula sa aking natutunan sa Araling ito:

**1.** ______________________________________________.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Basahin mabuti ang mga sumusunod na pahayag. Tukuyin ang hinihingi ng bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

__________1. Ito ay tumutukoy sa dami o bilang ng mga nandarayuhang pumapasok sa isang bansa sa isang takdang panahon na kadalasan ay kada taon.

__________2. Ito ang tawag sa mga mamamayan na nagtungo sa ibang bansa na may kaukulang permiso at papeles upang magtrabaho at manirahan nang may takdang panahon.

__________3. Ito ay nagaganap kapag ang nakasanayang bansang pinagmumulan ng mga nandarayuhan ay nagiging destinasyon na rin ng mga manggagawa at refugees mula sa iba't ibang bansa.

__________4. Ang proseso ng pag-alis o paglipat mula sa isang lugar o teritoryong politikal patungo sa iba pa maging ito man ay pansamantala o permanente.

__________5. Ang mga mamamayan na nagtungo sa ibang bansa na hindi dokumentado o walang permit para magtrabaho at sinasabing overstaying sa bansang pinuntahan.

WEEKS 7-8

# Saloobin tungkol sa Hamon Dulot ng Epekto ng Globalisasyon

I

Aralin

Sa huling bahagi na ito ng iyong pag-aaral, marami na tayong natutunan ukol sa mga isyu ng lipunan lalo't higit tungkol sa globalisasyon. Marapat lang na atin mas palalimin ang ating pagkaunawa ukol dito sa pamamagitan ng pagpapahayag ng ating mga saloobin ukol sa globalisasyon lalo na sa epekto ng mga hamon nito sa buhay at pamumuhay ng tao.

Sa araling ito, lilimiin natin ang ating mga saloobin ukol sa epekto ng globalisasyon. Pagkatapos ng ating aralin, ikaw ay inaasahang: nakapagpapahayag ng iyong mga saloobin ukol globalisasyon, nakapagbibigay ng mga sariling pananaw ukol sa epekto ng globalisasyon at nasusuri ang mga sariling gampanin sa harap ng mga hamon dulot ng epekto ng globalisasyon.

## Mga Hamon sa Epekto ng Globalisasyon

Kung inyong babalikan sa ating unang aralin, ang epekto ng globalisasyon ay maaaring hatiin sa dalawang bahagi: ang mabuting dulot ng globalisasyon at di-mabuting dulot ng globalisasyon.

Sapagkat ang globalisasyon ay maituturing na isang proseso ang pagbabago na kung saan nagkakaroon ng integrasyon ng ibat-ibang aspeto ng buhay at pamamahay ng mga tao sa isang lipunan, hind maikakaila na nakapagdudulot ito ng ibat-ibang hamon. Ang mga hamong ito ay dulot ng mga epekto ng globalisasyon.

### Epekto ng Pagkakaroon sa Pagkakasundo

Matatandaan na sa pamamagitan ng globalisasyon, nagkakaroon ng pagkakasundo ang mga bansa ukol sa kalagayan ng kalikasan. Subalit hindi maiiwasan na hindi sumandig ang mga bansa sa paggamit ng kalikasan para sa kanilang kapakanan.

### Epekto ng Oportunidad sa Sektor ng Paggawa

Sinasabi na dahil sa globalisasyon, maraming trabaho at oportunidad ang nalilikha na nagiging dahilan ng pag-unlad ng ekonomiya ng iba't ibang mga bansa. Subalit hindi rin maikakaila na dahil sa mga mayayamang bansa na nangangasiwa ng mga kompanyang pinagtatrabahuhan ng mga táong mula sa mas mahihirap na bansa, maaaring ma-exploit o maabuso ang mga manggagawa nang hindi patas na pagtrato sa kanila.

**Epekto ng Pag-unlad ng Teknolohiya**


Dahil sa globalisasyon, nagiging mabilis ang paglago ng teknolohiya na malaki ang naitutulong sa pagunlad ng lipunan sa iba't ibang bansa. Subalit ang may seguridad lamang sa pagkakaroon ng mga makabagong teknolohiya ay ang mga bansang mayayaman. Hindi lahat ng bansa ay kayang makipagsabayan sa ganitong larangan.

**Epekto ng Pag-unlad ng Ekonomiya**

Dahil sa globalisasyon na nagdudulot ng magkakaibang estado ng pambansang ekonomiya, nagkakaroon din ng malaking agwat sa buhay at pamumuhay ng tao, sa pagitan ng mahihirap at mayayaman. Ang mayayaman ay lalong yumayaman at ang mahihirap ay nananatiling mahirap.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Magbigay ng ilang mga epekto ng globalisasyon at ipaliwanag ang mga ito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Ipaliwanag ang inyong kasagutan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang mga patunay na mayroong mabuti at di-mabuting dulot ang globalisasyon?

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Paano binago ng globalisasyon ang pamumuhay ng mga Pilipino? Magbigay ng halimbawa.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

3. Sa pangkalahatan, nakatutulong ba o nakasasama ang globalisasyon sa pamumuhay ng mga Pilipino? Patunayan ang iyong sagot.

   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Magbigay ng sariling pananaw ukol sa hamon ng ibat-ibang epekto ng globalisasyon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| **Hamon sa Epekto ng Global-isasyon** | **Pananaw sa Hamon** |
|---|---|
| Epekto ng Pagkakaroon sa Pagkakasundo | |
| Epekto ng Oportunidad sa Sektor ng Paggawa | |
| Epekto ng Pag-unlad ng Teknolohiya | |
| Epekto ng Pag-unlad ng Ekonomiya | |

**E**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Mula sa hámon na tinalakay, alin sa mga ito ang pinakanararanasan ng ating bansa sa kasalukuyan? Ibigay ang iyong pananaw tungkol dito. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel o sagutang papel.

| Hamon na kinakaharap ng bansa:______________________________________________________________ | ⇨ | ______________________________________________________________________________________________ |
|---|---|---|

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Sa loob ng inyong pamilya, paano mo mailalarawan/maipaliliwanag ang epekto ng globalisasyon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| | **Paano nakakaapekto ang globalisasyon sa:** |
|---|---|
| Iyong pag-aaral | |
| Iyong pakikisama sa kapamilya | |
| Pagtatrabaho ng iyong magulang | |
| Pakikisalamuha sa kapwa-tao sa pamayanan | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Gumawa ang isang tula na nagpapakita/ naglalarawan ng epekto ng globalisasyon sa lipunan o bansa. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Sagutin ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Tatlong (3) konsepto na natutunan ko mula sa Aralin:

**1.** ________________________________________________.
**2.** ________________________________________________.
**3.** ________________________________________________.

Dalawang (2) mahalagang bagay na ayaw kong makalimutan mula sa Aralin:

**1.** ________________________________________________.
**2.** ________________________________________________.

Isang (1) gawain na gusto kong subukan mula sa aking natutunan sa Araling ito:

**1.** ________________________________________________.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang **TAMA** kung wasto ang tinatalakay ng pangungusap, at **MALI** naman kung hindi. Ipaliwanag kung bakit iyon ang iyong naging kasagutan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

__________1. Dahil sa globalisasyon, nagkakaroon ng pagkakapantay-pantay ang mayayaman at mahihirap sa isang lipunan.
Bakit?________________________________________________

__________2. Mas maraming mabuting epekto ang globalisasyon kaysa di-mabuting epekto nito.
Bakit?________________________________________________

__________3. Ang globalisasyon ay maituturing na isang proseso ng pagbabago sa lipunan.
Bakit?________________________________________________

__________4. Ang teknolohiya at komunikasyon ay batayan ng globalisasyon sa ibat-ibang bansa/lipunan.
Bakit?________________________________________________

__________5. Walang naitutulong na mabuti ang integrasyon bilang isang manipestasyon ng globalisasyon.
Bakit?________________________________________________

## Susi sa Pagwawasto

1. MALI
2. TAMA / MALI
3. TAMA
4. TAMA
5. MALI

1. Flow
2. Temporary migrants
3. Migration transition
4. Migrasyon
5. Irregular migrants

1. FLOW
2. DEPARTURES
3. MIGRANTS
4. MOBILITY

1. Department of Labor and Employment
2. Mura at Flexible Labor
3. Labor-only Contracting
4. Worker's Rights Pilar
5. Sektor ng Serbisyo

1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. TAMA
5. TAMA

# PIVOT Assessment Card for Learners

## Personal na Pagtataya sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral



Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang

☆ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o

### Gawain sa Pagkatuto

| Week 1 | LP | Week 2 | LP | Week 3 | LP | Week 4 | LP |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |

| Week 5 | LP | Week 6 | LP | Week 7 | LP | Week 8 | LP |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para saWeeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★,✓, ?.

## Sanggunian

Araling Panlipunan 10 - LM.AP10 4.21.17

Teachers Guide for Araling Panlipunan 10 - TG AP10 4.21.17

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Cainta Rizal

Landline: 02-8682-5773 local 420/421

Email Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph